

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Paggamit ng Wastong Bantas

Kakayahan: Nagagamit ang mga angkop na bantas sa pagsulat ng liham

Isulat sa mga patlang ang mga angkop na bantas upang mabuo ang mga pangungusap sa liham ni Lola Patricia sa kanyang apo.

25 Kalye Maligaya  
Barangay San Lorenzo  
Lungsod ng Cavite  
Ika\_\_18 ng Pebrero 2014

Mahal kong Maria\_\_

Maligayang ika\_\_sampung kaarawan\_\_

Kumusta ka na\_\_ apo\_\_ Ipinagdarasal ko na nakapiling mo ang iyong pamilya at mga kaibigan sa iyong espesyal na pagdiriwang noong ika\_\_5 ng Pebrero\_\_ Anu\_\_anong mga pagkain ang inihanda ninyo\_\_ Nasiyahan ka ba sa mga regalong natanggap mo\_\_

Gustong\_\_gusto ko talagang dumalo sa iyong pagdiriwang ngunit may ubo\_\_t sipon ako noong araw na iyon\_\_ Hindi ako pumunta dahil ayaw kong mahawa ka o ang iyong mga panauhin\_\_

Alam mo na ba ang magandang balita\_\_ Mas mabuti na ang aking pakiramdam\_\_ Maaari na kaming magbiyahe at bumisita sa inyo\_\_ Sabik na sabik ka na naming makita ng Lolo Pedro mo\_\_

# Pagsasanay sa Filipino

## Paggamit ng Wastong Bantas

Kakayahan: Nagagamit ang mga angkop na bantas sa pagsulat ng liham

Marami kaming pasalubong para sa inyo mula sa aming bukirin\_\_ kamote\_\_ patatas\_\_ papaya\_\_ langka\_\_ mangga\_\_ at mais\_\_ Hindi ba\_\_t mahilig kang kumain ng nilagang mais\_\_ Paboritong prutas mo pa ba ang mangga\_\_

Naaalala mo pa ba ang iyong pinsan na si Cory\_\_ Isasama namin siya pagpunta namin sa inyo\_\_ Tuwang\_\_tuwa siya nang malaman niya na magkikita kayo muli\_\_ Nang inanyayahan ko siya\_\_ sinabi niya sa akin\_\_ \_\_Talaga\_\_ Lola\_\_ Yehey\_\_ \_\_ Patalun\_\_talon pa nga sa galak si Cory\_\_ Sigurado ako na magiging masaya kayo sa inyong paglalaro\_\_

Siyanga pala\_\_ maraming salamat sa ipinadala mong liham\_\_ Alam kong nag\_\_aalala ka dahil nagkasakit ako\_\_ Namana mo ang iyong pagka\_\_mahabagin mula sa iyong ina. Dahil mabuting tao siya\_\_ mabuting tao ka rin. Naalala ko tuloy itong kasabihan ng mga Pilipino\_\_ Kung ano ang puno, siya ang bunga\_\_

Pakisabi na lang sa mga magulang mo na darating kami riyon sa unang linggo ng Setyembre\_\_ Sige\_\_ hanggang dito na lang ang aking liham\_\_ Kung may nais kang pasalubong\_\_ tawagan mo na lang sa telepono si Tita Gina para masabi niya ang mensahe mo sa amin\_\_

Nagmamahal\_\_

Lola Patricia

Pahabol\_\_ Alagaan mo nang mabuti ang iyong sarili at pagbutihin mo ang iyong pag\_\_aaral\_\_

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Paggamit ng Wastong Bantas (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang mga angkop na bantas sa pagsulat ng liham

Isulat sa mga patlang ang mga angkop na bantas upang mabuo ang mga pangungusap sa liham ni Lola Patricia sa kanyang apo.

25 Kalye Maligaya  
Barangay San Lorenzo  
Lungsod ng Cavite  
Ika-18 ng Pebrero 2014

Mahal kong Maria,

Maligayang ika-sampung kaarawan!

Kumusta ka na, apo? Ipinagdarasal ko na nakapiling mo ang iyong pamilya at mga kaibigan sa iyong espesyal na pagdiriwang noong ika-5 ng Pebrero. Anu-anong mga pagkain ang inihanda ninyo? Nasiyahan ka ba sa mga regalong natanggap mo?

Gustong-gusto ko talagang dumalo sa iyong pagdiriwang ngunit may ubo't sipon ako noong araw na iyon. Hindi ako pumunta dahil ayaw kong mahawa ka o ang iyong mga panauhin.

Alam mo na ba ang magandang balita? Mas mabuti na ang aking pakiramdam! Maaari na kaming magbiyahe at bumisita sa inyo. Sabik na sabik ka na naming makita ng Lolo Pedro mo.

# Pagsasanay sa Filipino

## Paggamit ng Wastong Bantas (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang mga angkop na bantas sa pagsulat ng liham

Marami kaming pasalubong para sa inyo mula sa aming bukirin: kamote, patatas, papaya, langka, mangga, at mais. Hindi ba't mahilig kang kumain ng nilagang mais? Paboritong prutas mo pa ba ang mangga?

Naaalala mo pa ba ang iyong pinsan na si Cory? Isasama namin siya pagpunta namin sa inyo. Tuwang-tuwa siya nang malaman niya na magkikita kayo muli. Nang inanyayahan ko siya, sinabi niya sa akin, "Talaga, Lola? Yehey!" Patalun-talon pa nga sa galak si Cory. Sigurado ako na magiging masaya kayo sa inyong paglalaro.

Siyanga pala, maraming salamat sa ipinadala mong liham. Alam kong nag-aalala ka dahil nagkasakit ako. Namana mo ang iyong pagka-mahabagin mula sa iyong ina. Dahil mabuting tao siya, mabuting tao ka rin. Naalala ko tuloy itong kasabihan ng mga Pilipino: Kung ano ang puno, siya ang bunga.

Pakisabi na lang sa mga magulang mo na darating kami riyon sa unang linggo ng Setyembre. Sige, hanggang dito na lang ang aking liham. Kung may nais kang pasalubong, tawagan mo na lang sa telepono si Tita Gina para masabi niya ang mensahe mo sa amin.

Nagmamahal,

Lola Patricia

Pahabol: Alagaan mo nang mabuti ang iyong sarili at pagbutihin mo ang iyong pag-aaral.